**Unang Linggo ng Kuwaresma (A) – 22.02.2026**
*Gen 2:7–9; 3:1–7; Rom 5:12–19; Mt 4:1–11*

## PANIMULA

Minsan, may isang maliit na batang lalaki ang tumakbo papunta sa kanyang ama dala ang isang dakot ng mga ligaw na bulaklak. "Ama," sabi niya, "mahal na mahal kita, at mula ngayon gusto kong gawin ang lahat ng makapagpapasaya sa iyo." Isipin natin kung sumagot nang mabagsik ang ama: "Pagsisisihan mo ito habambuhay. Kukunin ko ang iyong mga laruan. Kakainin mo ang mga di mo gusto. Wala nang kasiyahan para sa iyo." Walang mapagmahal na ama ang sasagot nang ganito. Sa halip, yayakapin niya ang ang kanyang anak, ipagdiriwang ang kanyang pagmamahal, at gagabayan siya nang may pag-aaruga.

Ngunit madalas, ganito natin tinitingnan ang ating Ama sa langit—parang isang mahigpit at walang-awang magulang. Natatakot tayo na kapag ibinigay natin nang buo ang ating mga sarili sa Kanya, kukunin Niya ang lahat ng nagbibigay saya sa atin. Ngayon, sa pagsisimula natin ng Kuwaresma, inaanyayahan tayo ng mga pagbasa na tuklasin natin na ang Diyos ay hindi isang malupit na pinuno, kundi isang mapagmahal na Ama na naghahangad ng ating pagtitiwala at ng ating buong puso.

Nasa simula tayo ng Kuwaresma—panahon ng pagbabalik-loob at pagsisisi. Iniaalok ng Simbahan ang mga araw na ito upang ituwid natin muli ang ating mga buhay at pananampalataya, pagnilayan natin ang ating ugnayan sa Diyos at sa ating kapwa, suriin ang ating pamumuhay, at kung kinakailangan, baguhin ito upang tayo'y mabuhay at manampalataya nang mas may kamalayan at mas ganap.

Ang mga tatahak sa landas na ito ay hindi maliligtas sa tukso. Paulit-ulit na babalik ang tanong tungkol sa kahulugan ng ating buhay at pananampalataya. Kasabay nito, marami ring bagay ang susubok na ilihis tayo mula sa paghahanap ng tunay na kahulugan.

Hilingin natin sa Panginoon ang Kanyang awa, upang sa apatnapung araw ng Kuwaresma, makabalik tayo sa Kanya at maituwid ang ating buhay tungo sa Kaharian ng Diyos.

## HOMILIYA 1: Tukso, Kasalanan, at Pagtitiwala

Hayaan ninyong magsimula ako muli sa kuwento ng batang nag-alay ng bulaklak sa kanyang ama. "Ama," sabi niya, "mahal na mahal kita, at mula ngayon gusto kong gawin ang lahat ng makapagpapasaya sa iyo." Isipin natin kung sumagot nang mabagsik ang ama: "Pagsisisihan mo ito habambuhay. Kukunin ko ang iyong mga laruan. Kakainin mo ang mga di mo gusto. Wala nang kasiyahan para sa iyo." Walang mapagmahal na ama

ang sasagot nang ganito. Sa halip, yayakapin niya ang ang kanyang anak, ipagdiriwang ang kanyang pagmamahal, at gagabayan siya nang may pag-aaruga.

Ngunit madalas, ganito natin tinitingnan ang ating Ama sa langit—parang isang mahigpit at walang-awang magulang. Natatakot tayo na kapag ibinigay natin nang buo ang ating mga sarili sa Kanya, kukunin Niya ang lahat ng nagbibigay saya sa atin. Ngayon, sa pagsisimula natin ng Kuwaresma, inaanyayahan tayo ng mga pagbasa na tuklasin natin na ang Diyos ay hindi isang malupit na pinuno, kundi isang mapagmahal na Ama na naghahangad ng ating pagtitiwala at ng ating buong puso.

**1. Ang Kalikasan ng Tukso**

Minsan may isang lalaking tumanggap ng malaking mana at nagpasiyang ibigay lahat ito sa kawanggawa. Ngunit nang iaabot na sana niya ito, sandali siyang nag-alinlangan at tinanong niya sa sarili niya kung may sapat ba para sa kanya. Ang munting pagdududang iyon ay kahawig ng ginawa ng ahas sa Hardin ng Eden—nagtanim ng pagdududa sa kabutihan ng Diyos. Kahit na ipinangako sa atin ng Diyos ang kabutihan, ang mga puso natin ay natutuksong magduda.

Sa unang pagbasa sa aklat ng Genesis, makikita natin ang kuwento tungkol sa mga unang tao sa mundo at ang puno na nasa gitna ng hardin. Tinukso ng ahas ang babae ngunit ang tunay na panganib ay hindi ang mismo ang bunga, kundi ang kawalan ng tiwala sa Panginoon. Ang ahas ay nagtanim ng duda: "Alam ng Diyos na kapag kinain mo ang bunga ng puno, magiging katulad mo Siya. Ayaw ng Diyos na maging masaya kayo."

Ang nakatagong pagdududang ito ay, sa aking paniniwala, ang ugat ng tinutukoy sa Banal na Kasulatan na orihinal na kasalanan. Ito ay nagpapakita sa maraming paraan at anyo: ang takot natin na isuko sa Diyos ang ating buhay, ang pagduda natin na minamahal Niya tayo, o di kaya ay ang pagtutol natin sa Kanyang mg utos. Naalala ko minsang umupo ako kasama ang isang grupo ng kabataan, na naghahanda upang manalangin at gawing payak na alay ang kanilang mga sarili para sa Diyos: *"Panginoon, nandito ang aking mga kamay. Gamitin mo sila ayon sa iyong kagustuhan. Kunin mo sa akin ang ano mang gusto mong kunin. Patnubayan mo ako sa Iyong landas. Mangyari sana ang lahat ng Iyong kagustuhan sa lahat ng bagay."*

Isang kabataan ang nagsabing hindi niya kayang sambitin at ipagdasal ang mga katagang iyon. Natakot siya sa naisip niyang isusuko niya ang lahat sa kanyang buhay. Ganun ang puso ng mga tao: ang pagka-takot natin na magtiwala sa Diyos ay nangangahulugan na takot tayo na mawala ang isang bagay o isang tao sa ating buhay na ating pinapahalagahan.

**2. Pagpapalabis at Maling Paghuhusga**

Minsan nakuwento ng isa kong kaibigan ang tungkol sa isa niyang ka-trabaho na nagsabing: "Kung susundin ko ang lahat ng patakaran ng kompanya, hindi na ako magiging masaya." Ngunit nang subukan niya ito, natuklasan niyang ang mga patakaran pala ang nagpoprotekta sa kanya sa mas malalang kapahamakan at sobrang pag-aalala. Karaniwan, pinapalaki natin sa ating mga isipan ang kahulugan ng mga pagbabawal, katulad ng pagpapalabis ng ahas sa kautusan ng Diyos.

Ang istorya tungkol sa Eden ay nagpapakita kung papaanong ang tukso ay nakikita sa pagmamalabis. Binabaluktot ng ahas ang mg utos ng Diyos: "Sinabi ba talaga ng Diyos na hindi ka pwedeng kumain ng bunga galing sa mga puno?" Iisang puno lamang ang ipinagbawal ng Diyos. Ilang beses ba tayong nagmamalabis at iniisip natin na ang mga utos ng Diyos ay hadlang sa kaligayahan natin sa halip na isipin nating proteksyon natin ito lanban sa kapahamakan.

Marahil ay iniisip natin na ang buhay ng Kristiyano ay ang pagsunod lamang sa "Huwag kang" at "Dapat mong", ngunit ang Salita ng Diyos ay puno ng mga pangako sa halip na mga hadlang. Kahit sa ating pangkaraniwang buhay, ang pagmamalabis ay nagdudulot ng pagdududa.

**3. Ang Mga Hakbang ng Kasalanan**

Isang bata ang nakakita ng garapon ng biskwit sa ibabaw ng lamesang pangkusina. Sa una, tinignan niya ito. Pagkatapos ay hinangad na niya ito. Kalaunan ay kinuha na niya ito. Simpleng bagay lamang, inosente, ngunit inuulit ang parehong anyo sa mas malaking tukso: ang pagtingin, ang pagnanasa, at ang pagkuha. Inaanyayahan tayo ng Kuwaresma na sanayin natin ang ating mga sarili sa pagpipigil kahit sa maliliit na bagay. Ang tunay na kasalanan ng pag-kain sa prutas ay may tatlong hakbang: ang pagtingin, ang pagnanasa, at ang pagkuha. Ang anyong ito ay inuulit sa karanasan ng mga tao: Nakita ni Haring David si Bathsheba, ninais niya, at kinuha niya ito. Ang unang hakbang – pagtingin- ang karaniwang simula ng ating pagkakadapa.

Habang tayo ay pumapasok sa panahon ng Kuwaresma, ang pag-aayuno ay hindi lamang dapat tungkol sa pagpigil sa ating pagkain ngunit dapat ay gabayan din nito ang ating mga mata at isipan. Dapat ay piliin natin kung ano ang ating pinapapasok sa ating isipan at damdamin at bantayan natin ang ating mga puso laban sa mga imahe, salita at pagnanasa na pwedeng magligaw sa atin. Sinansanay ng Kwaresma ang ating paningin, ang ating atensiyon, at ang ating mga puso na maging tugma sa kagustuhan ng Diyos.

**4. Kasalanan, Kamatayan at ang Pangako ng Pagtubos**

Ipagpalagay natin ang isang alipin na ipinagkanulo ang kanyang amo at hinatulan itong mamatay. Ngunit hindi lamang siya pinatawad ng kanyang amo; tinanggap din niya ito bilang anak, na nagbibigay sa alipin ng mas mataas na dangal kaysa sa dati. Ganito rin

ang ginagawa ni Kristo para sa atin: sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod at pagmamahal, itinataas Niya tayo lampas pa sa orihinal na kalagayan nina Adan at Eba.

Ipinapaalala ni San Pablo sa atin mula sa aklat ng mga taga-Roma na mula sa isang tao, pumasok ang kasalanan at kamatayan sa ating mundo. Ang pagsuway ni Adan ang nagbigay-daan upang ang isang kapangyarihan ay mangibabaw sa sangkatuhan – isang napakalakas na kapangyarihan ng kasalanan na umaalipinsa atin hanggang sa kasalukuyan. Ngunit itinuturo ni San Pablo sa atin ang pag-asa: sa pamamagitan ni Kristo, ang pagtalima at ang buhay natin ay napanumbalik.

Hindi lamang tayo ibinabalik ni Kristo sa dating kalagayan ni Adan; itinataas pa Niya ang ating dangal. Katulad nuong isang alipin na ipinagkanulo ang kanyang hari, hindi lamang siya nito pinatawad at inampon bilang isang anak, binibigyan din tayo ng mas mataas na antas kaysa sa mga naunang mga tao na nakapamuhay sa paraiso. Sa pamamagitan ni Kristo, ang mga tanikala ng kasalanan at kamatayan ay nabali. Kahit madapa man tayo, hindi na tayo naikukulong ng ating mga pagkakamali.

**5. Pagsubok ng Pananampalataya sa Disyerto**

Isang batang estudyante ang minsang nag-aral ng buong gabi bago ang kanyang pagsusulit at nababalisa sa bawat posibleng tanong. Nang huli'y hinarap niya ang pagsusulit, napagtanto niya na sapat na ang paghahanda at pagtitiwala sa gabay ng kanyang guro. Kapareho rin nito ang nangyari kay Hesus sa Kanyang apatnapung araw sa disyerto na sumubok sa Kanyang pananampalataya sa Diyos Ama - hindi sa pamamagitan ng pagkagutom o sa panganib nasusubok ang pananampalataya, kundi sa pagpapakita na ang lubusang pagtitiwala sa Diyos ay mas malakas kaysa sa sarili nating kakayahan.

Sa Ebanghelyo ni San Mateo, ipinapakita nito si Hesus na tinukso sa disyerto, sa loob ng apatnapung araw. Ang "tukso" dito ay hindi lamang pang-akit kundi isang pagsubok—isang lugar ng pagpapatunay sa pananampalataya. Nahaharap si Jesus sa tatlong tukso na sumasalamin sa mga pagsubok ng Israel: gutom, pagnanais ng tanda, at makamundong kapangyarihang.

1. **Gutom:** Tinukso si Jesus na gawing tinapay ang mga bato. Sumagot Siya "Ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang kundi sa bawat salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos." Ang totoong pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos na magbibigay Siya para sa ating pang-araw-araw na pangangailangan sa halip na magtiwala tayo sa ating sariling kakayahan.
2. **Ang Pagsubok sa Diyos:** Pinayuhan ni Satanas si Hesus na magpakita ng tanda mula sa Diyos. Tumanggi si Hesus na gamitin ang kapangyarihang banal para sa isang palabas lamang at itinuturo Niya sa atin na ang pananampalataya ay hindi

para patunayan na merong Diyos, kundi para ipakita na nagtitiwala tayo sa Kanya.

3. **Kapangyarihan sa Mundo:** Inialok ni Satanas ang lahat ng kaharian sa mundo kung sasambahin lamang siya ni Hesus. Sumagot si Jesus: "Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos at Siya lamang ang paglilingkuran mo." Kahit sa ating kasaganaan, dapat ang Diyos ang laging una.

Ang mga tukso na ito ay nasa atin pa rin mga buhay sa kasalukuyan: ang tukso ng pagiging masyadong panatag sa sarili, ang pagnanasa ng tanda, at ang paghahangad ng yaman o katayuan. Ipinapakita ni Hesus na ang pananampalataya ay nasusubok at naguugat lamang sa Diyos.

- Naalala ko ang isang binate nuon na nagrereklamo tungkol sa utos ng Diyos tungkol sa pakikipagtagpo bago ang kasal. Nakaramdam siya ng pagkabahala, at naisip niya na ipinagkakait sa kanya ng Diyos ang kanyang kagalakan. Ngunit ang utos ng Diyos ay nilalayong pangalagaan ang buhay at pag-ibig, hindi upang ito'y supilin.
- Isaalang-alang ang pamilyang ginagamit ang mga sakramento para sa panlabas na anyo lamang—ang Unang Komunyon ng isang bata ay nagiging isang palabas lamang sa publiko, hindi isang mahalagang espirituwal na hakbang sa tungo pananampalataya. Ang tukso ay madalas dumarating sa mga pinong paraan na katanggap-tanggap sa lipunan, na sumusubok sa ating integridad.
- At paano naman ang pag-aayuno? Hindi ito parusa, kundi isang paraan upang sanayin ang mata at pagnanais, kagaya ng pag-iwas sa mga katalogo o palabas na nag-uudyok ng kasakiman o pagnanasa. Ang Kuwaresma ay pagsasanay para sa pagiging mapagmasid natin sa araw-araw nating mga buhay.

Balikan natin ang ating pambungad na kuwento: ang batang naghandog ng bulaklak sa kanyang ama ay tumanggap ng pagmamahal at pag-aaruga bilang kapalit. Ang Diyos Ama, ay tinatanggap ang ating pagtitiwala, ating pag-aayuno, at ating pagsisisi nang may higit na pagmamahal. Hindi Niya tayo pinapaliit, kundi itinataas Niya tayo sa bagong buhay sa pamamagitan ni Kristo. Habang tayo'y naglalakbay sa Kuwaresma, tandan natin: sinusubok tayo ng tukso, ngunit tinuturuan din tayo nito. Maaaring pumasok ang kasalanan sa mundo, ngunit gayundin ang biyaya. Magtiwala tayo sa Kanya na nakapasa na sa bawat pagsubok, na namamagitan para sa atin bilang ating Mataas na Saserdote, na bumabali sa mga kadena ng kasalanan, at nag-aanyaya sa atin sa pista ng kaligtasan.

Ang Kuwaresma ay panahon upang buong-pusong lumapit tayo sa Kanyang pagmamahal, magsanay ng pagpipigil sa sarili, paunlarin ang pananampalataya, at sumunod kay Kristo, ang Tagapagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Amen

## HOMILIYA 2: Paglakad sa Disyerto Kasama si Hesus

Hayaan Ninyo akong magumpisa sa pamamagitan ng isang kuwento. Noong taong 2011 sa New Orleans, may isang artist na nagngangalang Sandy Chang ang nagpinta sa isang pader gamit ang pinturang pisara at isinulat ang mga katagang: "Bago ako mamatay, gusto kong…" Inanyayahan ang mga taong dumaraan na kumpletuhin ang kataga, Isinulat ng mga tao ang mga bagay katulad ng: "Matutong tumugtog ng trumpeta," "Magtanim ng punong kahoy", "Makita ang Taj Mahal", "Magkaroon ng pitong anak". May isang tao rin ang nagsulat: "Magkaroon ng kapayapaan sa aking kapitbahay," Ang pader ay naging paalala na ang buhay ay puno ng mga simula, mga desisyon, at pangarap. Ngunit, lahat ng simula ay may pagsubok - inaanyayahan tayo nitong sumulong patungo sa hindi tiyak.

Ganyan ang paanyaya ng Kuwaresma na gawin natin: huminto sandali, magnilay, at humakbang sa disyerto ng ating sariling mga puso, lumalakad kasama si Hesus tulad ng Kanyang ginawa.

Pagkatapos ng Kanyang binyag, si Hesus ay nagkaroon ng makapangyarihang karanasan: nagbukas ang mga langit, bumaba ang Espirito sa Kanya, at sinabi ng Diyos Ama: *"Ito ang minamahal Kong Anak*." Maaring natanong Niya: Sino ba Talaga Ako? Ngunit sa halip na sinimulan Niya kaagad ang Kanyang pampublikong paglilingkod, naglaan si Hesus ng panahon upang lumayo sa disyerto sa loob ng apatnapung araw. Pinangunahan Siya ng Espiritu sa isang lugar ng kawalan at katahimikan, kung saan pinilit Siya ng gutom, uhaw, at pag-iisa na harapin ang mga mahahalagang tanong ng buhay.

Isipin mo ang isang naglalakad sa bundok na naliligaw. Naglalaho ang daan, humahagulgol ang hangin, at siya ay nag-iisa. Sa simula, nangingibabaw ang takot at pagka-gutom, ngunit dahan-dahan, napapansin niya ang kagandahan sa paligid, nakikita niya ang bukal ng tubig, at nadidiskubre niya ang lakas na hindi niya alam na taglay pala niya. Gumagana din sa parehong paraan ang disyerto: tinatanggal nito ang mga sagabal at ipinapakita nito kung ano ang tunay na mahalaga.

**Tukso at Pasya**

Sa disyerto, hinarap ni Hesus ang tatlong tukso:

1. **Tinapay para sa Gutom:** *"Gawin mo ang mga batong ito na maging tinapay."* Maaari Niyang mapawi ang Kanyang sariling gutom at tulungan pa ang iba. Ngunit alam ni Hesus na higit pa sa tinapay ang buhay; may mas malalim na kagutoman—para sa Diyos, para sa kahulugan, para sa pag-mamahal.

Isipin mo ang isang tao na walang tigil na nagtatrabaho upang makabili ng mas malaking bahay o mas magagandang bagay. Sandali lamang siyang nasisiyahan,

ngunit nananatili ang mas malalim na pagnanasa para sa koneksyon, layunin, o kapayapaan. Hindi kayang punan ng tinapay lamang ang ating mga puso.

2. **Pagpapatunay sa Kanyang Sarili:** *"Hagurin mo ang iyong sarili mula sa templo at ililigtas ka ng Diyos."* Ito ay tukso para humingi ng pansin, paghanga, o katiyakan. Tumanggi si Jesus. Nagtiwala Siya sa Diyos kaysa sa humingi ng mga tanda.

Isang batang estudyante ang nagtanong sa kanyang guro, "Kung magawa ko ito nang perpekto, bibigyan mo ba ako ng gantimpala?" Ngumiti ang guro at sinabi, "Hindi. Magtiwala ka sa iyong sarili na gawin ito dahil tama, hindi para sa gantimpala." Tulad ng estudyanteng iyon, kumilos si Hesus dahil sa pananampalataya, hindi para siya'y mag-palabas.

3. **Kapangyarihan at Pamamahala:** Ipinangako ng diyablo ang kaharian at kapangyarihan. Alam ni Hesus na ang pagnanais na kontrolin ang lahat ay humahantong lamang sa pagkawasak. Ang Kanyang sagot: *"Sambahin mo ang Panginoong Diyos at Siya lamang ang pagsilbihan mo."* Ang Diyos lamang ay sapat na; tanging pagmamahal at paglilingkod ang nagdudulot ng pangmatagalang buhay.

Hindi lamang kwento ni Hesus ang mga tukso na ito—ito rin ay kwento natin. Araw-araw ay inaakit tayo ng ginhawa, pagkilala, at kapangyarihan. Ang buhay ay maaaring magdala ng mga disyerto: sakit, pagkawala, krisis, o personal na pakikibaka. Tinatanong tayo ng disyerto: Kanino tayo magtitiwala? Paano tayo mabubuhay?

Noong panahon ng pandemya, maraming nakaramdam ng kawalan, pag-iisa, at kawalang-lakas. Ang ilan ay nakahanap ng ginhawa sa materyal na bagay o mga pang-sagabal, ngunit ang iba ay nakadiskubre ng bagong paraan upang manalangin, maglingkod, at makipagugnayan sa pamilya. Ito ang mga disyertong nagpakita sa atin kung ano talaga ang mahalaga.

**Paglalaan ng Panahon**

Ang pananatili ni Jesus sa disyerto ay nagpapaalala sa atin ng kahalagahan ng paghinto. Sa ngayon, may mga taong naglalaan ng mga panggabing pahinga para sa kalusugan, paglilinang ng espiritu, o mga paglalakbay upang makapagpahinga at makapagpanibagong-lakas. Ngunit mas malalim ang dahilan ni Jesus: pumunta siya sa disyerto upang harapin ang tukso ng demonyo at ihanda ang sarili para sa kanyang misyon. Ang Kuwaresma ay maaaring maging ating espirituwal na pahinga—isang pagkakataon upang pagnilayan ang ating buhay, ang ating mga desisyon, at ang ating bokasyon bilang mga minamahal na anak ng Diyos.

May isang guro na nagsabi sa kanyang mga estudyante:
"Kung minsan, ang sandalling pag-atras ay nakakatulong upang makita nang malinaw ang landas sa hinaharap." Isang mag-aaral ang nagpahinga muna sa paggamit ng panlipunang plataporma sa loob ng isang linggo, at natuklasan niya kung ano talaga ang nagbibigay sa kanya ng tunay na saya—pakikipagkaibigan, pag-aaral, at pananalangin—sa halip na walang katapusang pagsuri sa mga tala.

Gaya ng estudyanteng iyon, inaanyayahan tayo ng Kuwaresma na magmunimuni at tingnan ang buhay natin sa bagong pananaw.

**Mga Simula at Pagbabagong-Buhay**

Ang Kuwaresma ay panahon din ng mga bagong simula. Tulad ng pader sa lungsod ng New Orleans na nag-anyaya sa mga tao na tapusin ang pangungusap na, "Bago ako mamatay, nais kong...," tinatanong din tayo ng Kuwaresma: "Ano ba ang pinakamahalaga? Paano ko gustong mabuhay?" Ang bawat simula ay may dalang hiwaga, at may kaakibat ding hamon. Ang apatnapung araw ni Jesus sa disyerto ay nagpapaalala sa atin na ang mga bagong simula sa buhay ay kadalasang sinusubok, ngunit maaari itong magbunga ng masaganang buhay.

**Isang halimbawa:** Isang batang mag-asawa ang lumipat sa isang bagong lungsod dahil sa kanilang trabaho at iniwan nila ang kanilang mga kaibigan at pamilya. Sa simula, nakaramdam sila ng pag-iisa at paghihirap. Ngunit sa paglipas ng panahon, nakabuo sila ng kanilang komunidad, natagpuan nila ang kabuluhan sa kanilang gawain, at natuklasan nila ang mga nakatago nilang mga talento. Ang mga bagong simula ay nangangailangan ng pagtitiyaga, tiwala, at tapang—katulad ng panahon ng Kuwaresma.

**Konklusyon**

Hayaan ninyong magtapos ako sa isang kwento mula sa pang-araw-araw nating buhay. Isang batang lalaki ang nagtanim ng isang munting binhi sa paso. Araw-araw niya itong dinidiligan at inaalagaan nang may buong pag-aalaga at pasensya. Lumipas ang ilang linggo, at tila walang nangyayari. Ngunit isang umaga, sumibol ang isang maliit na berdeng usbong. Labis ang kagalakan ng bata—ang kanyang pagtitiyaga at pag-aalaga ay nagbunga.

Ang Kuwaresma para ding iyong binhi na iyon. Ang ating mga panalangin, pag-aayuno, at simpleng gawa ng pagmamahal ay maaaring tila maliliit lamang sa simula. Ngunit sa pag-aalaga at gabay ng Diyos, lumalago ang mga ito at nagiging buhay, pag-ibig, at pag-asa na pinagpapala hindi lamang ang ating sarili kundi pati ang buong mundo.

Ngayong Kuwaresma, maglaan tayo ng oras upang pumasok sa disyerto kasama si Hesus. Harapin natin ang ating mga tukso, pagnilayan ang ating mga desisyon, at magtiwala na sa Kanyang pagmamahal, tayo'y lalago at mamumulaklak. At itanong

natin sa ating sarili, tulad ng pader sa lungsod ng New Orleans: *"Bago ako mamatay, para saan ko gustong mabuhay?"*

Mabuhay tayo bilang mga minamahal ng Diyos, na nagbibigay, nagtitiwala, at nagmamahal sa bawat araw ng ating mga buhay. Amen.

**Translated by William Valdrez, Jr.**